Mobilize the Immigrant Vote 2005 Campaign & The California Partnership (CAP)

OUR VOTE = **PANUNTUNAN PARA SA NOVEMBER 8, 2005 ELEKSIYON** OUR VOICE

OUR VOTE = OUR VOICE OUR VOTE = OUR VOICE OUR VOTE = OUR VOICE OUR VOTE = OUR VOICE

OUR VOTE = OUR VOICE OUR VOTE = OUR VOICE OUR VOTE = OUR VOICE OUR VOTE = OUR VOICE

OUR VOTE = OUR VOICE!

NOVEMBER 8, 2005

Bumoto at suportahan ang mga isyu na nag-bibigay benepisyo sa mga pangangailangan ng mga mahihirap na pamilya – mabuting edukasyon, kaayusang sahod, segurong pang-gkalusugan at benepisyo pampubliko, ligtas at murang pabahay, proteksiyon karapatang sibil, paglikha ng pantay at makatarungang pamamalakad sa larangan ng immigration.

www.immigrantrights.org/miv2005 www.california-partnership.org

VOTE November 8th, 7 AM – 8 PM!

PALIWANAG SA PANUNTUNANG ITO

Ang mga isyu sa balota at ang mga salitang ginamit ay maaaring hindi malinaw. Ang Panuntunang ito ay isinulat upang makatulong sa mas mabilis na pag- unawa sa mga isyu. Umaasa kami na ang mga impormasyon at rekomendasyon sa panuntunang ito ay makakatulong sa inyo para suportahan ang boto na nagbibigay ng benepisyo sa mga imigrante.

PAANO NAGKAROON NG PANUNTUNANG ITO

Ang Mobilize the Immigrant Vote 2005(MIV 2005) at ang California Partnership (CAP) ang nagbuklod sa mga imigrante at tagasuporta mula sa iba't ibang lahi at lugar sa buong estado na siyang lumahok sa kampaniyang ito at tumulong sa desisyon kung aling proposisyon ang makakatulong sa ating mga komunidad. Sa mga proposisyong ito, iminumungkahi naming magaling ang botong "YES". May mga ilang proposisyong makasasama sa mga imigrante at sa mga may mababababang sahod. Iminumungkahi naming magaling ang botong- "NO" para dito. Hindi sa lahat ng proposisyong ay may boto kaming pinaninindigan. Para sa mga walang rekomendasyon mula sa MIV 2005 at CAP, ibibigay namin ang mga impormasyon tungkol sa ikabubuti at ikasasama upang makatulong sa inyong desisyon. Malubos naming iminumungkahi na isangguni o makipagpalitan ng kuro kuro sa mga sariling komunidad, upang mapag buti at maseguro ang tamang desisyon sa pagboto.

GAMITIN ANG PANUNTUNANG ITO PARA

- ☛ Matutuhan ang isyu sa balota sa Araw ng Eleksiyon!
- ☛ Makapagdesisyon kung paano boboto!
- ☛ Makapagbahagi ng kaalaman sa mga kaibigan, kapamilya, at kababayan!

MAAARI KANG MAKATULONG SA PAMAMAGITAN NG

- ☛ Pag gawa ng mga kopya ng Panuntunan, at ipamahagi sa mga okasyon na may pagtitipon ang bawat komunidad.
- ☛ Dalhin ang Panuntunang ito sa Lugar ng botohan.

Ang Mobilize the Immigrant Vote 2005 (MIV 2005) ay pinangungunahan ng mga grupo ng mga organisasyon mula sa iba't ibang lahi at komunidad sa buong California. Layunin nito ang puspusang pag kampaniya sa pag sasama at paglalahok sa mga imigrante sa mga aktibidad na may kinalaman sa politika.
Ang MIV 2005 ay pinamumunuan ng:

- The Bay Area Immigrant Rights Coalition(BAIRC)
- Coalition for Humane Immigrant Rights of Los Angeles(CHIRLA)
- National Network for Immigrant and Refugee Rights(NNIRR)
- Partnership for Immigrant Leadership and Action(PILA)
- Services, Immigrant Rights, and Education Network(SIREN)

Ang California Partnership (CAP) ay malawakang koalisyon ng mga organisasyoin mula sa iba't ibang komunidad para labanan ang kahirapan sa California.Sama- sama nating itaguyod ang iisang layunin para labanan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagkampaniya mula sa pinakamababa hanggang pinakamataas na sektor ng ating lipunan.

For more information about the MIV campaign go to:
www.immigrantrights.org/miv2005/

VOTE November 8th, 7 AM – 8 PM!

Proposisyon Bilang 73

Pagpapaalam sa Magulang ng Kabataang Buntis Bago Isagawa ang Pagpapalaglag ng Sanggol

Kapag ang Proposisyon Bilang 73 ay nanalo, ang Konstitusyon ng California ay kailangang baguhin. Oobligahin ang mga Institusyong Pangkalusugan na ipaalam sa mga magulang ng mga babaeng kabataan labingwalong taon(18) pababa, bago isagawa ang pagpapalaglag.Sa oras na maipaalam sa magulang, maghihintay ng hanggang 48 oras ang mga manggagamot bago isakatuparan ang pagpapalaglag, maliban na lamang kung ang kabataan ay nasa panganib na situwasyono kaya ay pinamagitan ng hustisya.

Ang mga tagasuporta ng Prop. 73 ay nagsasabi na makakatulong ito para bumaba ang bilang ng mga pagbubuntis ng mga kabataang wala sa tamang edad, pagpapalaglag, sa pamamagitan ng pagbabago ng mga kabataan. Ang mga magulang ay may karapatang malaman bago ipalaglag ng kanilang anak ang pagbubuntis nito upang mabigyan sila ng kaukulang payo at pangaral.

Ang mga sumusuporta sa Prop 73 ay kinabibilangan ng California Congress Republicans, California ProLife Council, Life Perspectives, Americans United for Life

Ang mga sumasalungat sa Prop. 73 ay nagsasabi na ito ay panganib sa kalusugan ng kabataang buntis kung iuurong ang naturang pagpapalaglag. Ang mga kabataang babae na walang lakas loob magpaalam sa magulang ay maaaring maglalag na lamang sa sarili nilang kakayahan ng walang tulong mula sa manggagamot, na maaari nilang ikamatay. Hindi dapat bumoto ang taumbayan para sa kapakanan ng mga kabataang babaeng ito na hindi rin naman makaboboto.

Ang mga sumasalungat sa Prop. 73 ay California Medical Association, California Nurses Association, California Primary Care Association, Catholics for a Free Choice, League of Women Voters of California, Republican Majority for Choice, California Democratic Party

Ang MIV at CAP ay walang posisyon sa Prop 73.

Proposisyon Bilang 74

Atake sa mga Guro

Kapag nanalo ang Prop. 74, kailangang mag hintay ang mga bagong guro ng hanggang limang taon sa halip na dalawa lamang bago sila magkaroon ng tenure. Ang tenure ay nagbibigay ng seguridad sa mga guro na hindi sila maaaring tanggalin sa trabaho ng walang mabigat na dahilan. Kung walang tenure, ang mga guro ay laging nasa probation,
at walang karapatan na umapela bago siya ay tanggalin sa trabaho.Sa ganitong pangyayari, maaaring mag- alisan ang mga magagaling na guro sa California at maghanap ng trabaho sa ibang estado.Ang mga problema ng paaralan ay hindi makatarungang isinisisi ng Prop 74 sa mga kawawang guro, sa halip na hanapan ng tunay na solusyon ang problema.

Ang Mungkahi namin- NO ON 74

VOTE November 8th, 7 AM – 8 PM!

Proposisyon Bilang 75 — Pagpapahina sa Unyon

Sa Prop 75, lahat ng empleyado pampubliko(guro, pulis, bumbero) ay kailangang magkaroon ng aprubadong kasulatan sa paggamit ng kanilang pera para sa kapakanang politikal. Ito ay hindi lamang sa mga korporasyon, ang mga korporasyon ay hindi nanghihingi ng permiso mula sa kanilang shareholders para gamitin ang kanilang pera sa kapakanang pampulitikal. Ang Prop 75 ay hindi na kailangan sa kadahilanang ang mga manggagawa ay mayroon na ring karapatang magbigay ng kanilang sariling pera sa kapakanang politikal. Kung makakapasa, pahihinain nito ang lakas ng Unyon para labanan interes ng malalaking korporasyon.

Ang Mungkahi namin- NO ON 75

Proposisyon Bilang 76 — Pagbibigay ng Maraming Kapangyarihan sa Gobernador

Kung mananalo, ang Gobernador ay magiging malaya sa pagpigil ng gastos kahit saan mang larangan ng gubyerno, kung sakaling mahuli o kaya ay kapusin ng pera ang kaban. Ito ay magiging panganib para sa democratikong pamamaraan o proseso, sa halip na ang mag pasya nito ay ang mga ibinotong miyembro ng lehislatibo. Lilimitahan din nito ang paggastos mula sa nakaraang taong budget, kung ang para sa kasalukuyang budget ay mahuli ng pagpapasa.Inaasahan na bababa ang gastusin ng estado, mababawasan din ang mga nakalaang budget para sa benepisyo ng karapatang pangtao na nakaukol sa mga mahihirap. Hihina rin ang nakalaang pondo para sa iba't ibang antas ng edukasyon. Nangangahulugan na magkakaroon ng sobrang $4 bilyong dolyar sa isang taon na sana'y nakalaan sa pagpaliit ng dami ng estudyante sa isang klase, mga libro at iba pang gamit sa eskuwela, at pagbibigay ng kalidad na pagsasanay sa mga guro.

Ang Mungkahi namin- NO ON 76

Proposisyon Bilang 77 — Paglilipat ng Distrito

Ang nga Distritong Lehislatibo ay mga pinaghati hating mga lugar ayon sa anyong geograpiko sa loob ng estado, na siyang kinakatawan ng inihalal na representante.
Para maseguro ang parehong hatian, ang mga distrito ay kailangang may pare parehong bilang ng populasyon. Ang Prop Bilang 77 ay may layuning maglipat ng mga hangganan(boundaries) ng mga distrito ayon sa pagbabago- bago ng bilang ng populasyon. Sa kasalukuyan, ang mga kinatawang lehislatibo ang siyang may karapatang maglipat ng mga hangganan(boundaries). Ito ay maaaring mangyari sa tuwing ika sampung taon, depende sa bilang ng sensus. Ang karapatang ito nang mga kinatawan na ibinoto ng tumbayan, ay maaaring tanggalin o ipawalang bisa ng Prop Bilang 77. Sa halip, ang prop bilang 77 ay magtatakda ng tatlong tao buhat sa mga retiradong hukom, para bumuo sa isang komite, na siyang gagawa ng panibagong sistema kung papaano babaguhin ang paglipat ng mga hangganan, sa tuwing magbabago ang sensus. Sa ganitong paraan, walang puwedeng sisihin sino man dahil ang magdedesisyon ay ang mga retiradong hukom, hindi ang taumbayan. Magiging mahirap para sa komite na may tatlong miyembro lamang, para maunawaan ang kalagayan ng iba't ibang lahi, kultura, kasarian, at kalagayang panglipunan nang mga mamamayang bumubuo ng bawat distrito. Samakatuwid, tinatanggalan ng karapatan ang ating mga binotong representante, o kinatawan, at sa halip ay ibibigay lamang ang mga karapatang naturan sa kamay ng tatlong tao.

Ang Mungkahi naming- NO ON 77

VOTE November 8th, 7 AM – 8 PM!

Proposisyon Bilang 78 at 79 — Diskuwento para sa Gamot na may Reseta

Ang Prop Bilang 78 at 79 ay nagbibigay ng diskuwento sa mga gamot na may reseta.

Kung makapapasa ang Prop Bilang 78, pahihintulutan ang mga tindahan ng gamot na boluntaryong mag-alok ng diskuwento para sa mga kustomer na matatanda at mga mahihirap, ngunit hindi nanganga-hulugang dapat itong ipatupad ng estado ng California.

Ang prop bilang 78 ay maaaring hindi rin magtagal ang bias, kung sakaling kakaunti lamang ang makiki- isang mga mamumuhunan, mga tindahan, mga mamimili, at kung kaunti lamang ang diskuwen-tong ibibigay. Sa unang tingin, mukhang maganda ito dahil parang sa ikagiginhawa ng mga mamimili, ngunit ang pagpapatupad nito ay nakasalalay sa mga tindahan at mamumuhunan, na mga walang interes sa kapakanan ng mamimili.

Kung makapapasa ang prop bilang 79, magiging sapilitan para sa mga mamumuhunan at tindahan ng mga gamot para magbigay ng diskuwento sa mga mahihirap. Kung hindi sila makasusunod sa pata-karan, mawawalan sila ng karapatang magtinda ng gamot sa pamamagitan ng programang Medi-Cal. Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay makatatanggap ng limitadong diskuwento. Ngunit sa kabuuan, ma-higit doble ng bilang ng mamamayan ng California ang maaaring makinabang sa Prop Bilang 79, pero hindi sa Prop Bilang 78. Kasama na ditto ang mga mahihirap na walang seguro (insurance) at ang mga may seguro (insurance) na gumagastos ng malaking halaga para sa kanilang gamot na may reseta.

Ang Mungkahi naming- NO ON 78 AT YES ON 79

Ang CAP ay hindi nagbigay ng mungkahi sa Prop Bilang 78 at 79.

Proposisyon Bilang 80 — Tuluy- tuloy Na Liwanag

Noong 1996, ipinatupad ang isang batas na nagbibigay karapatan sa mga kumpanya ng elektrisidad na magpatuloy ng operasyon, kahit walang regulasyon o pamamatnubay ng gobyerno. Ito ay nagbigay ng pagkakataon sa mga kumpanya tulad ng ENRON para manipulahin ang bentahan at ang pagkakaroon ng mga Black outs, upang maitaas ang halaga ng kuryente. Ang nagbabayad nito ay ang mga indibiduwal na pamilya ng California, ngunit ang nakikinabang ay ang mga kumpanyang mapagsamantala. An planong ginawa ng kasalukuyang Gobernador ay nangangailangan din ng masusing pagsusuri. Ang prop bilang 80 ang siyang magpapahinto sa mga tiwaling gawaing ito. Kung makapapasa, magbibigay ng proteksiyon ito sa mga Californians para maiwasan ang mga Black outs. Ang mga kumpanya ng kuryente ay kailangang mag bigay ng pinakamagandang alok at pinakamababang presyo sa mga mamamayan. Gayundin, kailan-gan nilang (kumpanya) siguraduhin ang sapat na dami ng kuryente para maiwasan ang Black out sa darat-ing na panahon. Ang mga Californians ay magkakaroon ng mas malawak na kontrol sa kanilang kuryente dahil ang magiging sistema ng presyo ay sa pangmahabaang usapan. Sa taong 2010, sa ilalim ng prop bilang 80, ang mga kumpanya ng kuryente ay kailangang kumuha ng 20% ng kanilang supply mula sa mga natural na pamamaraan, tulad ng hangin, o kaya ay ang solar power.

Ang Mungkahi namin- YES ON PROP 80

Para sa karagdagang kaalaman, bisitahin ang:

VOTE November 8th, 7 AM – 8 PM!

KABUURAN NG REKOMENDASYON BUHAT SA MIV 2005 & CAP

Narito ang mga dapat ninyong dalhin sa botohan--- BUMOTO !!!!!

Proposisyon Bilang 74	**Atake sa mga Guro**	**NO**
Proposisyon Bilang 75	**Pinahihinang Unyon**	**NO**
Proposisyon Bilang 76	**Dagdag na kapangyarihan para sa Gobernador**	**NO**
Proposisyon Bilang 77	**Paglilipat ng mga Distrito**	**NO**
Proposisyon Bilang 78	**Boluntaryong Diskuwento sa mga Gamot na may Reseta**	**MIV: NO**
Proposisyon Bilang 79	**Sapilitang Diskuwento sa mga Gamot na may Reseta**	**MIV: YES**
Proposisyon Bilang 80	**Tuluy- tuloy na Liwanag**	**YES**

Ang MIV 2005 ay hindi nagbigay ng posisyon sa PROP. 73.
Ang CAP ay hindi nagbigay ng posisyon sa PROP. 73, 78 AT 79.

ALAMIN ANG NYONG KARAPATAN SA PAGBOTO:

- Hindi kailangan ang pagpapapakita ng katibayan bilang Citizen para maka rehistro o makaboto.
- Maaaring magdala ng mga kodigo, sample ballot, o kaya ay ang panuntunang ito.
- Sa pagboto, maaaring magsama ng makakatulong, kung kailangan ng magbabasa, magsasalin sa sariling wika, o kung anumang tulong na maaaring kailanganin.
- Hindi kailangang bumoto sa lahat ng kategorya.
- Hindi kailangang magmadali, humingi ng tulong kung kailangan.
- Kung nagkamali, maaaring humingi ng karagdagang balota bilang kapalit.
- Hindi kailangang ipakita ang balota kaninuman.
- Maaaring bumoto hanggang alas otso(8 pm). Siguruhin lamang na nakapila na sa oras na ito.
- Kung wala ang pangalan ng botanta sa lisatahan ng mga rehistro, o kung hindi Makita kung aling lugar o presinto, maaari pa ring bumoto kahit saang lugar o presinto, itanong lamang ang tungkol sa- "Provisional Ballot".
- Ang mga balota at iba pang materyales ay nakalaan sa mga sariling lenguwahe(wika). Humingi lamang sa mga kinauukulan.

PARA SA MGA PROBLEMA O KATANUNGAN TUMAWAG SA 1-800-339-2957

VOTE November 8th, 7 AM – 8 PM!